



# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ICE



## ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ICE

**Kung lalapitan ng mga ahente ng Imigrasyon at Pagpapatupad ng Customs (Immigration and Customs Enforcement, ICE), may mga karapatan ka.**



### Ano ang maaari kong gawin kung ang ICE ay nasa harap ng bahay ko?

- Hindi mo kailangang buksan agad ang pinto para sa ICE at hindi mo kailangang makipag-usap sa ICE.
- Mula sa likod ng saradong pinto, maaari mong tanungin kung sino sila at ipakita ang tsapa nila, ID o kard sa negosyo mula sa bintana o sa siwang o ipasa ito sa ibaba ng saradong pinto.
- Maaari mo silang tanungin kung mayroon silang judicial warrant:
  - Kung sasabihin nilang Wala, hindi mo sila kailangang papasukin. Maaari mong sabihin, "I do not want to speak with you." (Ayaw kong makipag-usap sa inyo).
  - Kung sasabihin nilang Oo, maaari mong hingin sa kanila na ipasok ito sa ibaba ng pinto. Para malaman kung ito ay judicial warrant, tingnan kung sino ang pumirma sa warrant.
- Sa isang emergency, tulad ng banta sa buhay ng isang tao, ang ICE ay maaaring pumasok ng walang pahintulot mo. Kung mangyayari ito, hindi mo pa rin kailangang makipag-usap sa ICE.
- Kung ang ICE ay may hinahanap na ibang tao, hindi mo kailangang magsalita. Kung gusto mong magsalita, maaari mong hingin sa ICE na mag-iwan ng kokontakin. Bagama't hindi mo kailangang sabihin sa ICE kung nasaan ang kanilang hinahanap, ang pagbibigay ng maling impormasyon ay maglalagay sa iyo sa panganib.



### Ano ang maaari kong gawin kung ang ICE ay nasa loob ng bahay ko?

- Kung ang ICE ay pumasok sa bahay mo nang walang pahintulot, sabihin sa kanila nang malinaw na: "I do not consent to you being in my home. Please leave." (Hindi ako pumapayag na nasa tahanan ko kayo. Pakiusap umalis na po kayo.) Ang pagsasabi nito ay maaaring hindi makakapigil sa kanila, pero maaari itong makatulong sa anumang kasong legal sa hinaharap.
- Kung ang ICE ay nagsisimulang maghanap sa kwarto o sa mga bagay sa bahay mo, sabihin sa kanila na, "I do not consent to your search." (Hindi ako pumapayag sa inyong paghahanap.) Maaari mo itong sabihin ng paulit-ulit kung ipinagpapatuloy nila ang paghahanap.
- Maaari mong sabihin kung may mga bata o iba pang mahihinang naninirahan sa bahay mo.



### Ano ang maaari kong gawin kung ang ICE ay pinatigil ako sa daan o sa publiko?

- Bago ka magsalita, maaari kang magtanong, "Am I free to go?" (Puwede na ba akong umalis?)
  - Kung sasabihin nilang Oo: maaari mong sabihin na: "I don't want to answer your questions." (Ayokong sagutin ang inyong mga katanungan.)
  - Kung sasabihin nilang Hindi: maaari mong sabihin na: "I want to remain silent." (Gusto kong manatiling tahimik.)
  - Kung susubukan ng ahente ng ICE na kapkapan ka o ang mga gamit mo, puwede mong sabihin na: "I do not consent to a search." (Hindi ako pumapayag sa paghahanap.) Kung kakapkapan ka pa rin nila, hindi mo sila mapipigilan, pero ang pagsasabi ng malinaw dito ay mahalaga sa anumang kasong legal sa hinaharap.



facebook.com/citiesforaction



@CitiesForAction



citiesforaction.us



CITIES for ACTION



# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ICE



## ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ICE

**Kung lalapitan ng mga ahente ng Imigrasyon at Pagpapatupad ng Customs (Immigration and Customs Enforcement, ICE), may mga karapatan ka.**



### Ano ang maaari kong gawin kung ang ICE ay nasa aking pinagtatrabahuhan?

- Ang ICE ay maaaring pumasok sa anumang pampublikong lugar sa anumang pinagtatrabahuhan na hindi na kailangan ng kahit anong klaseng warrant.
- Kabilang sa mga pampublikong lugar ang pasilyo sa opisina, palengke, tindahan, o kainan sa isang restaurant.
- Ang ICE ay hindi maaaring makapasok sa pribadong lugar ng legal maliban na lang kung mayroon silang pahintulot ng employer mo o may judicial warrant.
- Kabilang sa mga pribadong lugar ang kwartong pahingahan o ang imbakan sa pinagtatrabahuhan.
- Maaaring humingi ang mga employer sa ICE na ipakita ang kanilang pagkakakilanlan at magtanong kung ang ICE ay may judicial warrant.
- Katulad ng sa pampublikong lugar, kung lalapitan ka ng ICE sa trabaho, HINDI mo kailangang sagutin ang kanilang mga tanong at maaari mong idirekta sila sa iyong employer.
- Kadalasan, kung susubukan ng mga ahente ng ICE na kapkapan ka o ang mga gamit mo, puwede mong sabihing, "I do not consent to a search." (Hindi ako pumapayag sa paghahanap.) Kung kakapkapan ka pa rin nila, hindi mo sila mapipigilan, pero ang pagsasabi ng malinaw dito ay mahalaga sa anumang kasong legal sa hinaharap.



### Paano kung ikinulong ako?

- Maaari mong sabihin sa ICE kung mayroon kang mga problemang medikal o kailangan mong ayusin ang pangangalaga sa bata.
- Ang mga ahente ng ICE ay maaaring hindi nagsasalita sa iyong wika. Maaari kang humingi ng tagasalin para sa anumang pakikipag-usap sa ICE o sa anumang pagpupulong o pagdinig na ibinigay sa iyo.
- Hindi mo kailangang pumirma ng kahit anong dokumento o sumagot sa kahit anong tanong kung hindi mo pa nakakausap ang abogado.
- Kapag nakulong ka, may karapatan kang tumawag sa iyong pamilya, mga kaibigan, pinuno sa komunidad, o abogado.
- Sa kulungan, makakatanggap ka ng mga bisita katulad ng iyong pamilya, mga kaibigan, pinuno sa komunidad at abogado. Tandaan na bawat kulungan ay may sariling tuntunin na dapat tingnan muna ng mga bisita.
- Kung ikaw ay nakulong, ang mga tao sa komunidad ay maaaring kunan ang ICE, basta't hindi sila makikialam sa mga opisyal. Kung ang mga ahente ng ICE ay susubukang makipag-usap sa iyo o aarestuhin ka, ang pagsisimula o pagpapatuloy sa pagkuha ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib.
- Maaari mong ibahagi sa iyong abogado, kung mayroon man, ang anumang audio, video, o sulat tungkol sa pag-aresto na galing sa iyo o sa iba na nakakita sa pag-aresto sa iyo.
- Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang pumunta sa: [insert city specific resource here].



facebook.com/citiesforaction



@CitiesForAction



citiesforaction.us



CITIES for ACTION